7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 3

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 3: Linggo 1**
**SY 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Dianne D. Lumibao / Zoe Sarah Bejuco (Valenzuela National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M.Villanueva, Ph.D.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**ARALING PANLIPUNAN, IKATLONG KUWARTER, BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa sa konteksto ng kolonyalismo sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng pagtatanghal na nagpapahalaga sa nasyonalismo at pagkabansa ng Pilipinas at Timog-Silangang Asya sa konteksto ng kolonyalismo. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>1. Naipaliliwanag ang sumusunod na konsepto:<br>A. Nasyonalismo<br>B. Kasarinlan<br>C. Pagkabansa<br>2. Nailalarawan ang pagtamo ng kasarinlan ng mga piling bansa sa Timog-Silangang Asya.<br>3. Napaghahambing ang mga pamamaraan ng pagtamo ng kasarinlan ng mga piling bansa sa Timog-Silangang Asya. |
| **C. Nilalaman** | 1. Kahulugan ng nasyonalismo, kasarinlan, at pagkabansa |
| **D. Integrasyon** | *Sustainable Development Goals (SDG 16 – Promote peaceful and inclusive societies for sustainable development, provide access to justice for all and build effective, accountable and inclusive institutions at all levels)* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Batchelor, T. (2015). Ho Chi Minh in Newhaven: From pastry chef in East Sussex to patriotic leader of Vietnam [Online Image]. Independent Co UK. https://www.independent.co.uk/news/uk/home-news/ho-chi-minh-in-newhaven-from-pastry-chef-in-east-sussex-to-patriotic-leader-of-vietnam-10157622.html

Bustamante, E. & Avendano, F. (2016). *Sulyap sa Kasaysayan ng Asya.* St. Bernadette Publishing House Corporation

*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* 2016, Mayo. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf

Ideal Leadership of General Aung Sun [Online Image]. (2020). Myanmar Digital News. https://www.myanmardigitalnewspaper.com/en/ideal-leadership-general-aung-san

IQuestion PH (2022, August 30). *Ano ang Nasyonalismo?* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=juVCANRKqVs

Knowledge Channel. (2022, November 14). *Ano ang Nasyonalismo* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=lyMUmS0-ou0

*Nasyonalismo* (n.d.). CulturEd Philippines. https://philippineculturaleducation.com.ph/nasyonalismo/

Piedad-Pugay, C. & Uckung, P. (2020). Jose Rizal: Discover The Human Side Of the National Hero of the Philippines [Online Image]. Tatler Asia. https://www.tatlerasia.com/lifestyle/arts/a-closer-look-on-the-more-human-side-of-national-hero-dr-jose-rizal

Sakurno Founding Father of Indonesia [Online Image]. (2023). Banknote World. https://www.banknoteworld.com/blog/sukarno-founding-father-of-indonesia/

Teacher Aldrin TV. (2021, September 2). *Ang Deklarasyon ng Kalayaan o Kasarinlan ng Pilipinas (K-12 MELCS Based)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=e4zVr154CgA

Teacher Shaira. (2020, November 8). *Deklarasyon ng Kasarinlan ng Pilipinas at Ang Unang Republika* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=HvGLOOx3cbk

Telan, Jemerlyn. (2020, July 30). *Ang Apat na Elemento ng Pagkabansa (Ang Aking Bansa)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=11CGKuEq4-w

Veneracion M. (2018). *Nasyonalismo: Ang Makabayang Pilosopiya sa Pagpapanumbalik ng Maka-Pilipinong Kamlalayan.* Philippine E-Journals. https://ejournals.ph/article.php?id=12966

Zaide, G. & Zaide S. (2014). *Kasaysayan ng Bansang Asyano Ika-8 Edisyon.* All Nations Publishing Co., Inc.

[Cartoon Government House]. Shutterstock. https://www.shutterstock.com/search/cartoon-government-house

[Human Brain Cartoon Image]. Vectorstock. https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/human-brain-cartoon-isolated-vector-31809671

[Philippine Flag Cartoon Image]. Istockphoto. https://www.istockphoto.com/search/2/image-film?phrase=philippine+flag+cartoon

[Reaction Design Emoticon]. Vecteezy. https://www.vecteezy.com/vector-art/2075163-reaction-design-emoticon-flat-collection

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**<br><br>***(Mind & Mood)*** | **Unang Araw**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**A. Gunitain Natin:** Ano ang mga natatandaan mong impluwensiya ng mga bansang sumakop sa Pilipinas? Pumili ng bansa at isulat ang mga naging impluwensiya nito sa iba't ibang aspeketo ng pamumuhay ng mga mamamayan.<br><br>Gumuhit ng ★ sa kahon ng napiling bansa: ☐ Espanya ☐ Amerika ☐ Hapon | Ang mga gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring mapagpilian upang balikan ang natapos na aralin sa nakaraang kuwarter at bilang panulay sa mga bagong paksang tatalakayin sa bagong kuwarter na ito. |

| **Aspekto** | **Impluwensiya** |
|---|---|
| 1. Politikal | |
| 2. Ekonomiya | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

| | |
|---|---|
| | |
| 3. Panlipunan | |
| 4. Kultural | |

**B. Anong Tugon?:** Maglahad ng ilang pangyayari / konsepto na sa iyong palagay ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng konsepto ng nasyonalismo sa Timog-Silangang Asya.

***(Tingnan ang pahina 2 ng Sagutang Papel)***

</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>

**B. Paglalahad ng Layunin**

***(Aims)***

</td>
<td>

**Ikalawang Araw**

1. **Panghikayat na Gawain**

   **A. Anong *Say* Mo?:** Isulat sa mga kahon ang mga kasagutan sa mga tanong na may kaugnayan sa konsepto ng nasyonalismo.

***(Tingnan ang pahina 3 ng Sagutang Papel)***

**B. Bayaning Petmalu:** Sino ang maituturing mong bayani na sumisimbolo sa nasyonalismong Pilipino? Humango ng kaniyang larawan sa *internet* (o gumuhit ng kaniyang larawan) at ilahad ang mga katangian ng bayaning napili na iyong nagustuhan.

***(Tingnan ang pahina 4 ng Sagutang Papel)***

2. **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

</td>
<td>Sa bahaging ito ay mahalagang maipaalam sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paksang tatalakayin. Maaaring gamiting gabay ang mga kalakip na gawain.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **A. Tara at Makiramdam:** Alin sa mga gawain ang iyong isinasabuhay? Iguhit ang kaakibat sa emosyon sa bawat bilang<br><br>***(Tingnan ang pahina 5 ng Sagutang Papel)***<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Ang mga salitang nailahad ay magsisilbing gabay sa nilalaman ng aralin sa linggong ito.<br><br>*#Nasyonalismo*<br>1. Kahulugan ng nasyonalismo;<br>2. Iba't ibang idelohiya sa pagpapahayag ng pagmamahal sa bansa.<br><br>*#Kasarinlan*<br>1. Kahulugan ng kasarinlan;<br>2. Pagtukoy sa iba't ibang pamamaraan ng pagtamo ng kasarinlan sa mga sumusunod na bansa: Pilipinas, Burma, Indonesia, Vietnam.<br><br>*#Pagkabansa*<br>1. Kahulugan ng pagkabansa;<br>2. Iba't ibang pamamaraan ng pagpapakita ng pagkilala sa pagiging Pilipino at sa bansa. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim**<br><br>***(Tasks and Thought)*** | **Ikatlong Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1:** Ang Konsepto ng Nasyonalismo, Kasarinlan at Pagkabansa<br><br>Ang nasyonalismo o makabayang pilosopiya ay tumutugon hindi lamang sa pagiging makabayan kundi sa pagkakaroon ng paninindigan, karapatan, diwa at pakikisangkot para sa lipunan. Isa itong sistema ng paniniwala o idelohiyang politikal ng pagiging makabansa, ~~ng~~ katapatan sa interes ng bansa, at ang masidhing kagustuhan na matamo ang pambasang pagsulong.<br><br>Sa bansang Pilipinas, ang pamumuno ng mga Espanyol at ang mga ipinatupad nitong patakaran ay nagdulot ng kahirapan, diskriminasyon, kawalang-katarungan, | Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito. |

at iba’t ibang uri ng pang-aabuso sa mga Pilipino. At sa loob ng maraming taon, ang mga Pilipino ay naging tahimik at taga sunod lamang.

Subalit nagkaroon ng mga mahahalagang pangyayari sa mundo na maituturing na naging dahilan ng pagkamulat ng mga Pilipino sa konsepto ng nasyonalismo. Una, ang pagbubukas ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan. Ikalawa, ang pagpasok ng teknolohiya at liberal na ideya mula sa Europa. At ikatlo, ang pagsibol ng *middle class*.

Bukod rito, may ilan ring mga mahahalagang pangyayari sa Pilipinas ang nakaimpluwensiya sa kamalayan ng mga Pilipino sa konsepto ng nasyonalismo. Ilan na rito ay ang tuluyang pagkawala ng tiwala ng mga Pilipino sa pamahalaan ng Espanya, ang sekularisasyon, ang pag-aaklas sa Cavite at ang pagpatay sa talong pari – Gomez, Burgos, Zamora (GomBurZa).

Ang nasyonalismo ay hindi lamang maituturing na bugso ng damdamin bagkus ito ay dulot ng iba’ɨt ibang kadahilanan na maaaring pampolitikal, pang-ekonomiya, o di kaya’y panlipunan. Ito ay masidhing pagmamahal at pagpapahalaga sa Inang-Bayan. Ito ay ang matinding hangarin ng pagkakabukolod-buklod ng mga mamamayan at pagiging malaya sa pang-aalipin ng mga dayuhan.

Pagkatapos ng maraming taon ng pananakop, noong Hunyo 12, 1898 naganap ang makasaysayang deklarasyon ng kasarinlan ng Pilipinas. Ito ay pinamunuan ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Kawit, Cavite. Ang deklarasyon ng kasarilan ng Pilipinas o Acta de la Independencia de Filipinas ay isinulat naman ni Amɵbrosio Rianzares Bautista, na siyang tagapayo ni Aguinaldo. Sa araw na ito, unang iwinagayway ang watawat ng Pilipinas na sinabayan ng pagtugtog ng pambansang awit ng Pilipinas na likha ni Julian Felipe - ang Marcha Nacional Filipina o Lupang Hinirang sa kasalukuyan. Ang mahalagang pangyayaring ito ang nagpakita sa mundo na isa ng ganap ng malayang bansa ang Pilipinas.

Ang isang teritoryo na may naninirahang grupo ng mga tao na may magkakatulad na sistema ng pamumuhay, wika, at lahi ay itinuturing na isang bansa. Bilang isang bansa, binubuo ito ng apat na mahahalagang elemento – tao, teritoryo, pamahalaan

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
at soberanya.
Bilang mamamayang naninirahan sa isang bansa, ilan lamang sa mga gawain na nagpapakita ng pagmakabansa ay ang buong puso nating pagpapahayag ng pagmamahal sa sariling bayan saan mang sulok tayo ng mundo makarating at pagtangkilik sa sariling atin. Bukod rito, matapat tayong sumusunod sa mga ipinatutupad na batas at ginagampanan ang mga mga tungkulin at responsibilidad na kaakibat ng pagiging mamayan.
1. Pagproseso ng Pag-unawa. Magtala ng ilang salita na iyong maiuugnay sa tatlong konseptong tinalakay.<br>(Tingnan ang pahina 6 ng Sagutang Papel)
2. Pinatnubayang Pagsasanay. Gamit ang mga imahen, ilahad ang kahulugan ng konsepto ng nasyonalismo, kasarinlan, at pagkabansa.<br>(Tingnan ang pahina 7 ng Sagutang Papel)
3. Paglalapat at Pag-uugnay.
Tala ng Gawain: Maglahad ng ilang pansariling pamamaraan at ilang gawain na naoobserbahan sa iyong paligid na nagpapakita ng pagkamakabansa sa kasalukuyan.<br>(Tingnan ang pahina 7 ng Sagutang Papel)
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>
D. Paglalahat
(Abstractions)
</td>
<td>
Ika-apat na Araw
1. Paglilinaw.
Ilahad ang iyong sariling pananaw batay sa iyong natutuhan sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon.
<table>
<tr><th>Iyong Natutunan</th><th>Reaksiyon</th><th>Tanong</th></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay magisilbing daan para sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga natutuhan sa natapos na aralin.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>_________________________.</td><td>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>_________________________.</td><td>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>__________________________<br>_________________________.</td></tr></table> | |
| **E. Pagtataya**<br><br>***(Tools for Assessment)*** | **1. Pagsusulit**<br><br>**Ipakita ang Galing:** Sa pamamagitan ng isang uri ng sining na iyong mapipili (*visual art*, *literary art*, *performing art* o *digital art*), ipakita kung paano mo patuloy na maipagmamalaki ang pagiging Pilipino at ang paninirahan sa bansang Pilipinas. | Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa naging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa.<br><br>Sa gawain na ito, maaaring maging basehan ang sumusunod sa pagtatakda ng grado:<br><br>Malikhaing pagpapahayag – 30 puntos<br><br>Orihinal ng kosepto – 30 puntos<br><br>*Impact* o mensahe sa mga manonood/makakabasa/maka kakita - 40<br><br>Kabuoan: 100 puntos |

<table>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>G. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>


| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Dianne D. Lumibao at Zoe Sarah Bejuco*** | ***Sinuri ni: Voltaire M. Villanueva*** |
| ***Institusyon: Quezon City University / Valenzuela NHS*** | ***Institusyon: PNU-Maynila*** |